



Article

Bahala na si Bathala: Ebolusyon at Kritikal na Pagsusuri ng mga Diskursong Nakapaloob sa Konseptong “Bahala na”

Bobby DG. Lopez 

Bulacan State University – Bustos Campus, Bulacan, Philippines

Correspondence: bobby.lopez@bulsu.edu.ph

Abstract

Inilarawan sa papel na ito ang mga naging pagpapakahulugan at mga nabuong diskurso sa konsepto ng bahala na ng mga dayuhan, Pilipinong iskolar na nag-iisip banyaga, at nationalist scholar, mula sa mga huling bahagi ng ika-20 dantaon hanggang sa maagang bahagi ng ika-21 dantaon, na nagmumula sa larangan ng mga agham panlipunan at pilosopiya, at mga kabataan sa kasalukuyang panahon. Ginamit ang Teorya ng Pagkataong Pilipino ni Enriquez bilang batayang teyoretikal sa pagpapaliwanag ng paksa na nagbigay ng alternatibong pagpapaliwanag sa konsepto ng bahala na batay sa kamalayan, karanasan, at oryentasyon ng mga Pilipino. Deskriptibong disenyo ng pananaliksik ang pamamaraan na inilapat sa pag-aaral at pagrerebyu naman ng mga kaugnay na literatura mula sa mga lathalaing pang-iskolar, sanaysay pampilosopiya, at aklat at pagsagawa ng focus group discussion (FGD) ang ginamit sa pangangalap ng datos. Sa pagsusuri ng datos mula sa FGD gumamit ang mananaliksik ng deductive thematic analysis. Lumabas sa pag-aaral na bagamat ang fatalism ang namamayaning pagpapakahulugan sa konseptong bahala na, maging ng mga kabataan sa kasalukuyan, hindi maikakaila na kontekswal pa rin ang paggamit ng salita at hindi maaaring ikahon sa isang pagpapakahulugan ang nasabing konsepto. Bagamat may sariling pagkaunawa ang kasalukuyang henerasyon sa konseptong bahala na, inihahain bilang rekomendasyon na muling suriin kung may pagkilala pa rin ba sila rito bilang bahagi ng kanilang mga pagpapahalaga, kung maisasama pa rin ba ito sa hanay ng confrontative surface values na tinutukoy ni Enriquez, at kung unibersal ba ang pag-iral nito bilang pagpapahalaga sa buong kapuluan.

Keywords: *Bahala na, fatalism, pagpakatao, pagpapahalaga, pagkakakilanlan, Pilipino*

Suggested citation:

Lopez, B. (2025). Bahala na si Bathala: Ebolusyon at Kritikal na Pagsusuri ng mga Diskursong Nakapaloob sa Konseptong “Bahala na”. *International Journal on Culture, History, and Religion*, 7(1), 357-372. <https://doi.org/10.63931/ijchr.v7i1.82>

Publisher's Note: IJCHR stays neutral with regard to jurisdictional claims in published maps and institutional affiliations.



Copyright: © 2025 by the authors. Submitted for open access publication under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution (CC BY) license

(<http://creativecommons.org/licenses/by/4.0/>).

Panimula

Malaki ang sinasabi ng ating mga pagpapahalaga sa ating pagkakakilanlan bilang isang indibidwal at bilang mamamayan ng isang bansa. Ito ay dahil sa malaking papel na ginagampanan nito sa paghubog at pagbuo ng ating pagkatao. Nakalulungkot nga lamang at ang mga pag-aaral sa mahahalagang usapin at diskurso patungkol sa ating sarili, katulad nito, ay pinangunahan at karamihan ay isinulat at ipinaliwanag ng mga dayuhang iskolar. Kung sa bagay, halos wala rin namang pinagkaiba kung lokal na iskolar ang sumasalamin at nagsusuri nito, dahil karamihan sa mga ito ay gumagamit din ng lente at metodolohiyang mula sa labas. Produkto rin kasi sila ng sistema ng edukasyon na hinulma ng tradisyong Kanluranin. Dala ng ganitong kaayusan, ang pagbubuo ng mga pagpapakahulugan na hiwalay sa ating lipunan, kalinangan, at pananaw na pansandaigdigan. Dahil dito, nauuwi sa simpleng pagtutumbas lamang ng mga salita at paghugot sa kanilang karanasan, na pawang dayuhan sa atin, ang ginagawa sa pagbibigay katuturan at pagpapaliwanag sa ating mga pagpapahalaga. Mapanganib ang ganitong kalakaran, sapagkat maaaring may mga diwa at katangian na nakapaloob sa ating mga salita at karanasan na naiiba o hindi matatagpuan sa kanila, gawa ng magkaibang konteksto o kapookang pinanggagalingan ng mga ito. Maaari itong magresulta sa isang lihis o ligaw na pagpapakahulugan. Masakit mang isipin, ganito ang nangyayari sa atin sa kasalukuyan, ang mga dayuhan ang nagpapakilala sa atin kung sino at ano tayo. Ngunit ang higit na nakadidismaya ay ang walang kuwestiyon natin na pagtanggap at pagsasabuhay sa paglalarawang ito na nilikha para sa atin ng mga dayuhan.

Sa patuloy na pag-unlad ng kaalaman at talastasan sa larang ng mga agham panlipunan at sa pagtatangka na buuin ang isang pagkakakilanlang matatawag na Pilipino, unti-unting nakita ang problematikong implikasyon na dulot ng kalakaran ito. Kaakibat nito, ang paglitaw ng mga tinatawag na nationalist scholar na gumagamit ng pambansang wika sa pakikipagtalasatasan at nagbabalik ng ating kamalayan sa sariling kasaysayan at kalinangan upang maging tuntungan sa pagdalumat ng lahat ng mga bagay na may kinalaman sa Sangkapilipinuhan. Dala nito bilang tradisyon ang pagsasakatutubo ng mga agham panlipunan bilang sagot sa mga diskursong maka-Kanluranin.

Isa sa mga disiplina ng mga agham panlipunan kung saan naging matingkad ang ganitong anyo ng pakikipagtalastasan ay ang larang ng sikolohiya. Katunayan noong maagang bahagi ng 1970, sa pangunguna ni Virgilio Enriquez, ay iniluwal nito ang “isang sikolohiya na nakabatay sa sariling kaisipan, karanasan, at kalinangan” – ang Sikolohiyang Pilipino (Enriquez nasa Pe-Pua, 1982). Pangunahin sa mga teorya na maiuugat mula rito ay ang “Pagkataong Pilipino” na siyang pinagbatayan ng pag-

aaral na ito. Gamit ang nasabing teorya, ipinaliwanag ang ating pagkatao sa pamamagitan ng mga pagpapahalaga: ang kapwa bilang core value; pakiramdam bilang pivotal value; hiya, utang na loob, at pakikisama bilang accommodative surface values; bahala na, lakas ng loob, at pakikibaka bilang confrontative surface values; at karangalan, katarungan, at kalayaan bilang societal values (Pe-Pua & Protacio-Marcelino, 2000). Sa pamamagitan ng nasabing teorya, dinalumat ang mga konseptong nabanggit na nakapook sa sandaigdigan, danas, reyalidad, at wikang Filipino.

Ang kabuuan ng papel ay tumuon sa paghahambing at pagsusuri ng mga nabuong diskurso at pagpapakahulugan sa konsepto ng “bahala na” ng mga banyaga, mga Pilipinong nag-iisip katulad ng mga banyaga, mga nationalist scholar mula sa huling bahagi ng ika-20 dantaon at maagang bahagi ng ika-21 dantaon at mga mag-aaral sa kasalukuyang panahon. Isinama sa pag-aaral ang nabuong pagpapakahulugan ng mga mag-aaral sa nasabing konsepto upang makita mula sa kasalukuyang sistema ng edukasyon ang pumapaimbulog na diskurso at pagkaunawa sa konsepto ng bahala na. Mahalaga ang ganitong mga paglilinaw, sapagkat ang hindi kritikal na pagtanggap sa mga lisyang pagpapakahulugan sa ating mga pagpapahalaga ay maaaring mauwi sa isang damdaming hati, sa isang banda ay may pagmamalaki at sa isa nama’y may pangmamaliit sa sarili. Alinman sa dalawang pagtingin na ito ay nakaiimpluwensiya sa pagbuo natin ng sariling pagkakakilanlan na mahalaga sa pagsusulong ng diwa at damdaming makabayan.

Layunin ng Pag-aaral

Pangunahing layunin ng pag-aaral na masuri ang mga nabuong pagpapakahulugan ng mga iskolar mula sa iba’t ibang disiplina ng mga agham panlipunan at pilosopiya ukol sa konsepto ng bahala na.

Samantala ang mga sumusunod naman ang tiyak na layunin ng pag-aaral:

1. matukoy ang etimolohiya ng konseptong bahala na;
2. maisa-isa ang mga nabuong diskurso at pagbabagong naganap sa pagpapakahulugan sa konseptong bahala na;
3. mailarawan ang pananaw ng mga kabataan sa kasalukuyang panahon sa konseptong bahala na;
4. maipaliwanag ang dahilan sa likod ng pamamayagpag ng namamayaning diskurso kaugnay ng konseptong bahala na.

Rebyu ng mga Kaugnay na Literatura

Bitbit ang Eurosentrikong pananaw ng mga Kanluraning mananakop, Kastila man o Amerikano, ipinakilala nila ang kanilang sarili bilang mga sibilisado, may progresibo at maunlad na lipunan, at nakaaangat sa anumang larangan ng pamumuhay sa mga katutubo sa kapuluan (Alatas, 2006). Dala ng ganitong etnosentrikong pananaw ang isang mapangdiskrimina at mapanglait na turing sa mga katutubo na nagdulot ng mababang pagtingin nito sa kanilang mga sarili at pangmamaliit sa mga bagay na dapat sana ay kanilang itinataguyod at ipinagmamalaki (Lopez, 2024). Bunga nito, madaling nahikayat at yumakap ang mga katutubo sa isang bagong kayarian na inilatag sa kanila ng mga dayuhan, bagay na unti-unting naglayo sa kanilang sariling pagkakakilanlan at nagbura sa kanilang kamalayan bilang bahagi ng isang kabuuan, ang pagka-Pilipino (Enriquez, 1994).

Bilang tugon dito, sa maagang bahagi pa lamang ng ika-19 na siglo ay makikita nang nakikibaka si Rizal kasama ang iba pang mga propagandista upang itama ang mga maling paratang sa atin ng mga dayuhan ukol sa ating kalinangan at pagkakakilanlan (Benitez, 2022). Ito marahil ang dahilan kung bakit may mga paghahaka ang ilang pantas na maaaring kilalanin si Rizal bilang “Ama ng Araling Pilipino” (Navaro & Lagbao- Bolante, 2007)

Sa paglipas ng panahon, bunga ng pagtatagumpay ng pampublikong sistema ng edukasyon sa bansa na ipinamana ng mga Amerikano at patuloy na limitadong pakikibahagi ng mga Pilipinong pantas na nakatuntong ang pagsusuri ng mga pag-uugali ng tao at kaganapang panlipunan sa wika at kalinangang Pilipino upang ipaliwanag, lalong naging matingkad ang pamamayagpag ng pagsasakanluranin ng mga diskurso sa agham panlipunan na nagbunga ng pagiging dayuhan sa sariling bayan ng mga Pilipino. Kaya naman 1970s bilang reaksiyon dito ng ilang piling fakulti mula sa Unibersidad ng Pilipinas ay halos magkakasabay na ipinanganak ang Pilipinolohiya, Sikolohiyang Pilipino, at Bagong Kasaysayan na ang adhikain ay malawakang pasimulan ang pagsasakatutubo ng mga agham panlipunan (Navaro & Lagbao- Bolante, 2007).

Ang Sikolohiyang Pilipino na ipinakilala ni Virgilio Enriquez ay isa sa mga nagbigay linaw ukol sa mga lisyang pagpapakahulugan sa mga pagpapahalagang Pilipino kasama na ang bahala na, isang uri ng palabang pagpapahalaga (confrontative surface values), na siyang paksa ng pag-aaral na ito (Pe-Pua & Protacio-Marcelino, 2000).

Metodolohiya

Ang pag-aaral na ito ay isang uri ng deskriptibong pananaliksik na naglalarawan, nagpapaliwanag, at nagsusuri ng mga pagpapakahulugan na nabuo ukol sa konsepto ng bahala na. Ginawa ito sa pamamagitan ng pagrerebyu ng mga kaugnay na literatura, na naglalaman ng mga pagpapakahulugan at diskurso sa konseptong “bahala na”, na isinulat ng mga iskolar sa larangan ng mga agham panlipunan at pilosopiya. Matapos ito ay tiningnan ng mananaliksik ang mga pattern katulad ng mga pagkakatulad, pagkakaiba, at pagkakaugnay ng mga pagpapakahulugan na nabuo sa konspetong sinusuri mula sa mga literaturang nabasa. Upang mailarawan naman ang pagpapakahulugan ng kasalukuyang henerasyon sa nasabing konsepto, nagsagawa ng focus group discussion sa tatlong pangkat ng mga mag-aaral, na binubuo ng pitong (7) mag-aaral bawat pangkat, sa isang pamantasan sa Bulacan ang mananaliksik. Purposive sampling technique ang ginamit sa pagpili ng mga kalahok na may sumusunod na mga batayan sa pagpili: (1) mag-aaral na nagmula sa iba’t ibang programa sa isang pamantasan sa Bulacan sa akademikong taon 2024-2025; (2) nasa edad 18-30; at (3) may kamalayan sa mga pagpapahalagang Pilipino. Ang mga gabay na katanungan naman na ginamit sa pagsasagawa ng FGD ay ang mga sumusunod: (1) Sa anu-anong pagkakataon o sitwasyon ginagamit ng mga kabataan sa kasalukuyang panahon ang ekspresyong bahala na? at (2) Sa iyong palagay, positibo, negatibo, o neutral ba ang pagkakagamit ng salita batay sa pagkakataon o senaryo kung kailan ito ginamit? Bakit? Sa pag-aanalisa ng datos mula sa FGD gumamit ang mananaliksik ng deductive thematic analysis. Sa nasabing pamamaraan, nagsisimula sa pagbuo ng mga tema o kategorya mula sa umiiral na pag-aaral, teorya, o tiyak na layunin ng pananaliksik. Sumunod ay ang paulit-ulit na pagbasa ng mga datos upang magkaroon ng higit na pamilyarisasyon at mas malawak na ideya patungkol dito. Matapos ito ay pinag-aaralang mabuti ang mga datos mula sa transkripsyon at inilalagay ang mahahalagang bahagi ng teksto nito sa tema kung saan ito naaakma. Sa huli, muling sinusuri ang mga datos sa bawat tema matapos na malagyan ng code ang lahat. May pagkakataon na napapalitan ang pangalan ng tema upang umakma ang lahat ng mga code na nasa ilalim nito o dili kaya naman ay gumawa ng mas maliit na subtema sa loob ng isang malaking tema. Para naman matiyak ang kawastuan ng isinagawang coding, kumuha ang mananaliksik ng mga external validator na muling sumilip sa kabuuang proseso ng coding sa pamamagitan ng pagsusuri ng code sheet na ginamit ng mananaliksik. Tinuyak ng mananaliksik na lahat ng kalahok sa pag-aaral ay lumagda sa informed consent form bago isinagawa ang pangangalap ng datos, ang kanilang mga katauhan ay hindi nabunyag sa anumang paraan na maglalagay sa kanila sa panganib o hindi

magandang sitwasyon at ang mga nakuhang impormasyon sa kanila ay nakatago at gagamitin lamang sa mga napagkasunduang layunin ng pag-aaral.

Kinalabasan at Dikusyon ng Pag-aaral

Pinag-ugatan ng Bahala Na

May iba't ibang paliwanag ukol sa pinagmulan ng ekspresyong “bahala na.” Pangunahin at nangingibaw sa mga ito, ang paniniwala na nanggaling ito sa salitang Tagalog na Bathala na tumutukoy sa isang makapangyarihang nilalang (Bostrom, 1968). Gayunpaman, marapat na banggitin na may iba't ibang paghahaka ukol sa pinanggalingan ng salitang ito. Nariyan ang sinasabi ni Laja (2010) na nag-ugat ito sa salitang Ba-Taala (Abba-Taala) na binubuo ng mga salitang Hebreo na Abba, na tumutukoy sa “Ama,” at Taala, na sa wikang Arabiko ay nangangahulugan ng “Ang Pinakamataas” (Ang Maluwalhati). Katulad ito ng mababanaag sa katawagan na Allahu Taala sa ilang bahagi ng Mindanao na tumutukoy sa “Tagapaglikha” (Laja, 2010). Samantala, ayon naman kay Pablo Pastells (Hislop, 1971), isang modernong Espanyol na Heswita, maaari raw na nagmula talaga ito sa katutubong salitang Malayo na Bata-Allah na nangangahulugang “anak ni Allah”. Ang katibayan na ito ay seryosong pinaniniwalaan ng mga nauna sa kanya ay mababanaag sa isang natatagong batis, ang Manila Relacion ng 1572, na may kapahayagan ukol sa pagbabawal sa paggamit o pagbanggit ng katagang iyon dahil sa maaaring pagkakaugnay nito sa mga Muslim.

Iba naman ang kuru-kuro ni Potet (2016) ukol sa pinanggalingan ng ekspresyong bahala na. Aniya hindi ito maaaring magmula sa salitang bathala. Nabanggit niya ito sapagkat ang salitang bathala, hindi umano, ay galing sa salitang Sanskrit na bhattara na nangangahulugang “marangal o dakilang panginoon” habang ang salitang Tagalog na bahala naman, na nangangahulugang “dalahin”, “pananagutan” o “100 milyong yunit na bigat o timbang” ay maaaring nagmula sa mga salitang Sanskrit na bhara at Malayo na bahara na kapwa may pakahulugan na “dalahin,” “timbang” o “bigat” at “tungkulin”. Dagdag pa rito, kapansin-pansin ang BharaNa, isang salitang Sanskrit at Hindi, ay tila mas angkop at mas malapit dito ang kahulugan. Nasabi ito sapagkat ang bharaNa sa Sanskrit ay nangangahulugang “pagpapasan,” na may kaugnayan sa “pagdadala ng bigat”, “pagsusuporta,” at “pagpapanatili” na kaugnay ng pagmamalasakit at pangangalaga (Monier-Williams, 1899); habang ang bharana naman sa Hindi ay nangangahulugang “natapos na” katulad sa kaso ng isang takdang gawain o para “punuin” sa kaso naman ng isang espasyo sa loob ng isang sisidlan (Platts, 1884). Mapapansin mula rito, na tila magkakaugnay ang nais ipakahulugan ng bharaNa (upang “pasanin” at

“suportahan”), bhara at bahala (kapwa nangangahulugan ng “dalahin”), at bahala na (“maging mapanagutan sa...”). Bungsoy nito maaaring ipagpalagay, bagamat hindi ganap na konklusibo, na maaaring nag-ugat talaga ang ekspresyong bahala na sa salitang Sanskrit/Hindi na bharaNa na halos magkabaybay at magkatunog. Nagkaroon lamang aniya ng pagbabago (sa anyo ng dalawang magkaibang salita na “bahala” at “na”) dahil sa ang karamihan sa mga nagsipagtala ukol sa sinaunang gawi at pamamaraan ng pamumuhay ng mga ninuno natin ay dayuhan na ang gamit sa pagsusulat ay sistema ng alpabetong mula sa Kanluran. Posibleng mangyari ito sapagkat katulad ng mapapansin sa ating wika, maraming hiram na salitang Sanskrit ang matatagpuan dito (e.g. diwata, guru, asa, katha, mukha).

Sa pagtatangkang ugatin ang pinagmulan ng ekspresyong bahala na, kapansin-pansin na ang mga pangunahing lumutang na pagpapakahulugan ay nakaugnay sa isang Tagapaglikha o dili kaya naman ay sa isang dalahin o pasanin. Kapwa maiuugnay ang mga ito sa konspeto ng “pananagutan.” Kung paano ito nasabi ay simple lang, karaniwan nang tinitingnan noon pa man, na ang Maylikha o Tagapaglikha ay may tungkulin na protektahan at pagpalain ang Kanyang mga nilalang habang ang salitang “pasanin” at “dalahin” naman kapag ikinabit sa salitang “balikat” ay nagkakaroon ng konotasyon na isang obligasyon. Samakatuwid ay isang pananagutan nga.

Mga Nabuong Pagpapakahulugan at Diskurso sa Konspeto ng Bahala na

Bahala Na Bilang Fatalism

Isa si Lynn Bostrom (Enriquez, 1989) sa mga pangunahing iskolar na nagkabit ng konsepto ng fatalism sa ating konsepto ng bahala na; katulad ng makikita sa kanyang isinulat na artikulo sa *Siliman Journal* noong 1968. Ang fatalism batay sa kanyang pagkakagamit ay nangangahulugang pasibong pagtanggap ng kung anuman ang dalhin ng buhay, na masasalamatin sa kawalan ng pagnanasang magplano at panindigan ang mga ikinilos. Sa madali’t sabi para bang mangyari na kung ano ang mangyayari; que sera sera o whatever will be will be. Sa ibang pagkakataon tinawag pa nga niya itong escapist value. Escapist value dahil ginagamit ito upang malusutan ang mga ginawang kairesponsablehan.

Ang ganitong pagpapalagay ay sinundan din ng mga Pilipinong may isip banyaga at bantad sa edukasyong Kanluranin. Ani nga Dahli Aspillera (2005), isang kolumnista sa pahayagang *Malaya*, ang bahala na “is now used more like, sorry, that’s all I want to do; I’m not going to worry about it. Bahala na is beginning to sound more like, I don’t care.” Para naman kay Emerita S. Quito (1994), professor emeritus sa De La Salle University, “the negative aspect of bahala na is that one leaves everything to

chance under the pretext of trusting in Divine providence . . . [which] is really laziness disguised in religious garb.” Kay Jose De Mesa (1979) naman binanggit niya ang bahala na “as one that represents the defeatist worldview and is responsible for the difficulty of motivating Filipinos to accept modernization.” Paniwala naman ni Nick Joaquin (Abordo- Ramos, 2009) ito ang isa sa mga pangunahing dahilan kung bakit mayroon tayong tinatawag na “heritage of smallness”. Ngunit higit na nakakagulat sa mga ito ay maging ang dinadakilang historyador na si Teodoro Agoncillo ay kaisa rin sa ganitong pagtanaw at pagpapakahulugan sa nasabing konsepto. Kanya ngang sinabi na, “.... fatalism is best symbolized in the phrase “Bahala na,” a phrase that defies translation, but which may be rendered loosely as “come what may” (Agoncillo, 1990).

Iba’t iba man ang naging pagpapakahulugan iisa naman ang nangingibabaw na himig. Ito raw ay indikasyon ng pasibo’t atrasadong pag-iisip at pagkilos bunga na rin ng atrasadong kabuhayan sa bansa (Covar, 2004).

Patunay nito ay ang ilang kasabihang Pilipino na sumasalamin sa ating mayamang kapaniwalaan sa mga bagay na itinadhana. Halimbawa na lamang nito ay “Ang buhay ng tao ay parang gulong ng palad, minsang nasa ibabaw, minsang nasa ibaba.” Isa pa ngunit kaugnay rin nito ay yaong nabanggit sa gawa ni Mercado (1993) na “Ang kapalaran ko’y di ko man hanapin; Dudulog, lalapit kung talagang akin”. Sa mga kasabihang ito mapapansin na tila ibig ipahiwatig nito na walang direktang kontrol ang tao sa mga mangyayari sa kanyang buhay at dahil ganito ang kanyang sitwasyon mangyayari ang mga bagay kahit wala siyang gawin.

Ang pagkahumaling sa pagsusugal katulad ng sabong, baraha, at pagtaya sa jueteng, loteng, at lotto ay pawang palatandaan din ng laganap na pag-asa sa suwerte ng marami. Sapagkat sa halip na kumilos at magpunyagi sila para sa kanilang kinabukasan, ipinagbabakasakali nila ito sa galaw ng kapalaran.

Ang matibay na paniniwala sa sinasabi ng mga manghuhula, horoscope, at feng shui na para bang ito na nga ang mangyayari at magtatakda ng kapalaran ng kumukonsulta ay isang maliwanag na indikasyon rin ng kumpletong pagpapaubaya sa kapalaran at hindi sa sariling diskarte at gawa. Ang ganitong kinagawian ay hindi na bago sa atin sapagkat noon pa man may mga sanggunian na ng kapalaran ang mga taga-Quezon, Panay at Tawi-Tawi na hawig sa isa’t isa at ginagamit sa ibang bahagi ng daigdig ng Malayo. Putikaan ang tawag dito sa Tawi-Tawi. Nakahanay rito ang gabi-gabing anyo/edad ng buwan at ang mga katumbas na hayop at kapalaran ng isang tao (Ambrosio, 2010).

Ang konsepto ng malas at buenas sa negosyo, tsamba sa anumang bagay na ginagawa, pagbili ng mga pampasuwerteng bagay sa bahay o personal na adorno para

malayo sa kamalasan at paggamit ng agimat at anting-anting ay pawang laganap na palatandaan ng fatalism.

Hindi na ito nakagugulat sapagkat ani nga ni Panopio & Raymundo (2004), non-rational ang mga oriental partikular na ang mga Pilipino. Non-rationalism ang tawag sa pananaw sa mundo kung saan walang ganap na kontrol ang tao sa mga pangyayari sa kanyang buhay at malabis ang pagdepende sa pagtatagumpay at kabiguan sa isang makapangyarihang nilalang. Kaugnay nito nabanggit ni Pahayag ni Naguit (lektura sa klase, Abril 4, 2012) na maiuugat ang ganitong klase ng pagpapahalaga sa kinagisnang sistema ng kapaniwalaan ng mga ninuno natin, ang anituisimo. Sa sistemang ito makikita na pangunahin sa mga ritwal ang pag-aalay ng mga handog at sakripisyo, bagay na madalas na ginagawa upang mabigyang kasiyahan ang mga makapangyarihang nilalang sa gayo'y magdala ito ng tagumpay sa kanilang paglalakbay, pakikipaglaban, at kasaganaan sa pag-aani. Ginagawa rin ito upang payapain sa galit ang makakapangyarihang anito na maaaring magdala ng maraming sumpa tulad ng sakit, tagtuyot, at kamatayan. Samakatwid may batayang pangkalinangan ang nabuong pagpapakahulugan sa pagpapahalagang ito.

Nakalulungkot mang sabihin patuloy ang paglaganap ng sekular na pagpapakahulugan dito. Tila tuluyang nawala na nga si Bathala sa ekspresyong bahala na si Batman at pinalitan ng isang dayuhang cartoon super hero na lalong nagpatingkad pa ng elementong dayuhan sa pagpapakahulugan nito.

Dala nito at ng ganitong pagpapakahulugan ani Panopio & Santico-Rolda (1992), "ang kaisipan at pagpapahalaga na nagdudulot ng kawalan ng pagkukusa, di pagdating o pagsunod sa tamang oras, pagpapabaya, katamaran at kawalan ng diwang mapagpasimula. Sinuportahan naman ito ng pahayag ni Gorospe (1994) na nagsasabing:

"As such it may be the root cause of national apathy (walang pakialam) and collective paralysis of action (bakit pa kikilos) to solve both local and national problems. Everything is already predetermined or fated. Negatively, bahala na could engender a false sense of security with God as insurance or a security blanket. For example, if God wants Filipino families to have plenty of children (anak ay kayamanan), God will take care of everything. Bahala na could be the cause of the absence of national initiative and of that discipline required for national growth. When negative bahala na prevails, nothing ever gets done. Potholed roads, uncollected garbage, countless unsolved murders, carnaping and smuggling remain year after year. How many have ever been arrested, convicted or jailed for wanton murder or for notorious graft and

corruption? A sense of national frustration, helplessness, and despair grips the nation and the people no longer care."

Ngunit paano nila nabuo ang pagpapakahulugang ito, gayong ang mga nag-aral sa konseptong ito karamihan ay hindi naman talaga aral sa ating wika ni babad sa ating kultura bunga ng katotohanang marami sa kanila ay mga dayuhan, at kung mga Pilipino man ay may "captive mind" naman wika nga ni Alatas (2006)? Kung may captive mind ang mga Pilipinong iskolar na nagsusuri ng ating kultura at lipunan, nangangahulagang mulat din ang mga ito sa sistema ng edukasyon na hinulma ng mga dayuhan para sa atin upang magarantiyahan ang pananatili nila sa poder ng kapangyarihan. Patunay nito ang mga pensionado noong panahon ng mga Amerikano, mga Fullbright scholar, mga mag-aaral na produkto ng Inggleserong eskwelahan at marami pang iba sa kasalukuyan. Kung gayon tila lumalabas na simpleng pagtutumbas lamang ng mga salita ang nangyari at hindi ang kabuuang kontesktong at lalim ng salitang dinadalumat ang nabigyang pansin. Tinatawag na pagbibinyag ito ayon sa pag-aantas ng konsepto sa Sikolohiyang Pilipino kung saan binibigyan ng katutubong kahulugan ng mga banyaga ang kanilang mga salita at konsepto. Halimbawa nito ay pagkatao sa personality, utang na loob sa debt of gratitude, hiya sa shame at marami pang iba. Ang nagiging problema sa ganitong pagtingin ay ang simplistikong pagtutumbas at pagpapakahulugan sa salita na binibigyang kahulugan at tinutumbasan. Problematiko ito sapagkat ang mga salita ay tiyak na may sariling gamit mula sa kontekstong pinanggalingan nito at karanasan ng mga taong gumagamit nito. Samakatuwid may elemento itong kakaiba sa isa't isa na maaaring bumuo ng isang reyalidad na hiwalay sa isa't isa. Kung gayon isang kapangahasan na maituturing ang simpleng pagtutumbas sa mga salita bilang isang anyo ng pagpapakahulugan dito. Sa isang banda, hindi naman talaga maikukubli na may elemento nga ito ng fatalism ngunit ang malaking tanong dito ay ito nga lamang ba ang bahala na nating mga Pilipino?

Bahala Na bilang Determinismo at Optimismo

Si Camilo Osias (Enriquez, 1990) ang unang nagpakita ng balanseng pananaw sa konsepto ng bahala na. Aniya, ito ay pinagsamang fatalism at determinism. Subalit para kay Lagmay (Enriquez, 1990), maliwanag na walang anumang elemento ito ng fatalism at lalong hindi rin ito ang tinutukoy na escaping mechanism na binabanggit ni Bostrom. Paliwanag niya, ito ay determinasyon na harapin anuman ang hamon na hatid ng isang sitwasyon ng hindi ito iniwasan o tinatakan. Kaya naman makikita sa modelo ng kapwa ni Enriquez na ang pagpapahalagang ito ay kasama roon sa mga

tinatawag na confrontative values o mga palabang pagpapahalaga. Ganito rin ang naging pagtingin dito ni Jocano (Rico, 2003). Aniya “bahala na is an inner strength to dare, to take the risk, to initiate and move, to take up a challenge, and to assume responsibility for an act.” Bagay na sinasang-ayunan din ni Panopio at Santico-Rolda (1992) kaya marahil nabanggit nitong, “ito rin ang nasa likod ng mga katangian katulad ng kagitingan, katatagan ng loob at bukas na kalooban upang harapin ang panganib” (p.86).

Mula sa sinundang talata mahihinuha na hindi pasibong pagtanggap sa mga pangyayari sa buhay ang bahala na katulad ng nais iparating ng mga banyaga at mga Pilipinong may banyagang pag-iisip. Sabi nga nina Fernandez, Valerio at Yacat (Covar, 2004):

Kailan nga ba ginagamit ang mga katagang “Bahala na!”? Sa gitna ng walang katiyakan, hindi natin inuurungan ang mga pagsubok sa buhay. Bagkus buong tapang nating hinaharap ang problema at determinado nating isinasagawa ang ating desisyon. (p. 114)

Patunay nito marahil ay ang malaking bilang ng Overseas Filipino Workers na hindi inaalintana ang mga panganib na dala ng kaguluhan sa labas ng bansa magkaroon lamang ng maayos na mapagkukunan ng kabuhayan. Dagdag pa rito ang maraming bilang ng mga Pilipino na naglalakas loob na magsimula ng negosyo sa kabila ng walang kasiguraduhan na maibabalik sa kanila ang ipinalaot na kapital bungsod ng matinding kumpetisyon sa loob at labas ng merkado. Determinasyon rin ang nakikitang puwersa sa likod ng mga mag-aaral na kumukuha ng pagsusulit kahit na hindi pa sila nakapag-aral ng leksiyon. Nangangahulugan ba itong padalus-dalos at hindi nag-iisip ang taong nagsasalita nito? Ayon pa rin kina Fernandez, Valerio at Yacat (Covar, 2004) “Hindi ba’t sa pagbigkas ng bahala na ay kinakalkula natin ang mga puwedeng mangyari sa atin? Ibig sabihin, ihinahanay at binabalanse ang positibo at negatibong aspekto ng ating desisyon. Gumagawa tayo ng kinakulang panganib” (p.114). Para bang ganito, kung kukuha ka ng pagsusulit kahit hindi ka nakapagrebuyu mas may tiyansa kang makapasa kaysa hindi kumuha nito. Gayundin naman sa pagtatayo ng negosyo at paghahanapbuhay sa labas ng bansa. Sabi nga ng isang kasabihan, “Paano mong malalaman kung hindi mo susubukan”. Samakatuwid hindi talaga tayo nagpapadala sa kapalaran kundi tayo ang gumagawa at humahanap ng ating kapalaran. Maiuugnay marahil ang ganitong lakas ng loob sa malalim nating paniniwala sa Diyos na nakapaloob din sa ekspresyong bahala na. Dala marahil ito noon pa man ng kapaniwalaan ng mga Tagalog na si Bathala, ang makapangyarihang nilalang, ay isang mabuting anito kung kaya’t hindi ito magpapabaya at tiyak na

tutulong sa kanila sa panahon ng pangangailangan. Nangangahulugan kaya ito ng kawalan ng pagkilos at pagpapasa-Diyos na lamang sa lahat ng bagay? Hindi! Sabi nga ni Fernandez, Valerio at Yacat (Covar, 2004), “Sa totoo lang, pagkatapos banggitin ito, may ginagawa tayo at tinatawag [lamang; akin ang pagdaragdag] natin ang Diyos upang patnubayan tayo” (p.114). Ang ganitong pagpapalagay marahil ay maliwanag na ipinapahayag ng kasabihang “Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa!”. Samakatwid hindi tayo nagpapasa-Diyos ng hindi natin ito sinasabayan ng pagkilos. Wika nga ng isang kasabihan pa “Kung may tiyaga may nilaga”. Ibig sabihin, hindi natin kinukunsente sa ating kultura ang pagwawalang bahala, ang katamaran at kawalan ng pagkukusa. Hindi lamang iyan sabi pa nga ni Jose de Mesa (Panopio & Santico-Rolda, 1992) “ang bahala na ay isang may pag-asang pagbabakasakali sapagkat ang mga Pilipino ay umasa sa pinakamagaling”. Ibig sabihin nito may optimism sa bahala na.

Bahala na Bilang Pagpapakita ng Tiwala, Mekanismo ng Pag-angkop, Pagpapakumbaba, at Pag-ako ng Pananagutan

Kung tutuusin maraming positibong katangian ang bahala na bukod sa mga una nang nabanggit. Pagpapakita ito ng pagtitiwala sa ibang tao gaya ng binabanggit ni Casiño (2015), “From a sociological perspective, bahala na allows Filipino individuals to connect with others. As a form of trust, a Filipino facing adversities in life would say, Bahala ka na sa pamilya ko’ (Take charge of my family.)” Sa ibang pagkakataon naman, maituturing itong isang pamamaraan ng pag-angkop sa mga bagay na hindi madaling tanggapin na nakatutulong sa mental na kalusugan ng isang tao. Ganito ang binabanggit patungkol dito ni Distor (Gripaldo, 2005), “Held close to the heart, the ‘bahala na’ phenomenon becomes a coping mechanism in the face of risky undertakings.” Pagpapakita rin ito ng kababaang loob at hindi pagiging mayabang. Kaugnay nito binanggit ni Quito (1994) na, “It is conducive to humility, modesty, and lack of arrogance.” Mapapansin ito karaniwan sa mga naghandang mabuti sa pagsusulit. Kahit naghandang mabuti ang mga ito, kapag tinanong mo kung sa palagay nila ay maipapasa nila ang kukuhaning pagsusulit, karaniwan ng maririnig sa mga ito ang ekspresyong “bahala na”. Dalawang bagay ang mahihinuha mula rito. Una, hindi nila tahasang masabi na “oo” sapagkat baka hindi sila makapasa at sa huli ay pagtawanan pa sila ng marami. Pangalawa, nagpapakita rin ito ng paghingi ng patnubay sa Diyos matapos na gawin ng tao ang lahat ng kanyang makakaya. Ito marahil ay bunga ng pagkaunawa na kailangan niya ang tulong ng Diyos sa lahat ng kanyang gawa upang magtagumpay. Subalit hindi ito nangangahulugan ng pagkikibit-balikat na lamang sa sitwasyong kinahaharap. Nasabi ito sapagkat taglay

ng ekspresyong bahala na ang pagiging mapanagutan at hindi ang pagtakas sa kinalabasan ng isang gawain. Ani nga ni Casiño (2015) patungkol sa pagpapakahulugan sa bahala:

“Mercado limits the word bahala (“responsibility”) to the Tagalog dialect. However, in Cebuano, bahala also connotes ‘responsibility’. For example, one could say, O sige, ikaw na ang bahala dinha [Alright, take responsibility there!]. Similarly, the Ilongo dialect gives the same weight to the word: Ti, ikaw na gid ang bahala dira, ha?”

Samakatuwid, hindi talaga pagpapabaya ang bahala na. Pagpapakita pa nga ito ng pag-ako ng isang pananagutan katulad na lamang ng makikita sa pahayag na “Sir ako na po ang bahala diyan”. Marahil, ito rin ang dahilan kung bakit maging ang salitang pamahalaan (pamathalaan) ay iniuugnay sa konsepto ng bahala na. Ito ay sa kadahilanang ang pamahalaan bilang isang institusyong panlipunan ang siyang umaako, tumitingin, at nanagutan sa kapakanan ng bayan. May ganitong pagtingin marahil dahil sa ang etimolohiya pa lamang ng salita nito ay nangangahulugan ng “maging Panginoon sa ibabaw” (English, 1977). Samakatuwid dahil ang Diyos ang nangingibabaw, pinaghaharian ng takot sa paggawa ng hindi mabuti ang mga namumuno. Kaya marahil sa konsepto ng pamahalaan na itinataguyod nina Bonifacio at Jacinto, yamang ang dalawang ito ay lubog pa sa ating kalinangan, pangunahing tinitingnan hindi ang kayamanan ni ang karunungan o kapangyarihan sa pamumuno kundi ang kalinisan ng kalooban ng magsisipamuno. Nabanggit na lamang din ang kalinisan ng kalooban sinasabing may konotasyon rin ng pagmamalasakit ang bahala na. Masasalamatin ito sa salitang nababahala na nangangahulugan sa wikang Tagalog na nag-aalala, nag-iisip at may iniintindi. Halimbawa nito ay ang ganitong pangungusap “Nababahala ako, gabi na pero wala pa ang kapatid mo”. Kaya naman kapag idinagdag ang pang-uring pamilang na wala (ipinagwalang bahala) dito tila negatibo ang pakahulugan nito na para bang nagsasabing walang pakialam.

Tila ang mga sumunod na talata ay nagbigay ng napakapositibong paglalahad sa pagpapakahulugan sa ekspresyong bahala na. Para bang tinumbasan nito kundi man direktang sinagot ang bilang ng mga diumano’y “lisyang” pagpapakahulugan dito ng mga banyagang iskolar at Pilipinong isip banyaga. Ngunit ano ang pinanggalingan ng ganitong pagpapakahulugan dito? Ito ba ay talagang pagbibigay ng isang kahulugan na lapat sa ating karanasan o isang reaksiyon o pagtatangkang dekonstruksiyon lamang ng mga umiiral na pagpapakahulugan dito na pinakalat ng mga banyaga. Talaga bang ginawa nila (banyaga; taga-Amerika o Europa) ito upang ipagdiinan ang kanilang superyoridad at ang ating pagiging mababa sa mata nila? O

ganito lamang ang pinalalabas ng mga nationalist scholar upang mabigyang daan ang kanilang proyekto na kinisin ang kasalukuyang pagpapakahulugan sa bahala na dahil sa kanilang pagnanais na maitanghal ang isang magandang imahe para sa binubuong identidad natin?

Bahala na sa Pagpapakahulugan ng mga Kabataan sa Kasalukuyan

Sa kasalukuyan, “walang kasiguraduhan”, “kung ano na lang ang mangyari”, “uncertain”, “hindi handa”, “paubaya sa kapalaran” at “hinihintay na lang ang mangyari sa isang bagay” ang mga nabuong pagpapakahulugan ng mga kabataan sa ekspresyong bahala na. Tunog at himig ng mga pagpapakahulugang halaw sa mga banyaga at Pilipinong may isip banyaga. Paano kayang higit na nanuot ang pagpapakahulugang ito sa kanilang kamalayan? Edukasyon ang itinuturong dahilan. Para sa maraming naging kalahok ng pag-aaral na ito, ang kanilang mga guro na namulat at nalantad sa banyagang sistema ng edukasyon ang naging pangunahing tagapagpasa ng ganitong diwa. Kaya tama si Renato Constantino ng kanyang sabihin na pinabibilis ng paglupig sa kaisipan ang pag-angkin sa buong bayan. Sa pagkakataong ito naman, mimesis, o bulag na pagtanggap ng mga teorya, kaalaman at perspektiba galing sa labas, (Alatas, 2006) ang naging pintuan sa akademya ng pagpasok ng ganitong kaisipan. Kaya hindi na nakapagtataka na naging malawak ang impluwensiya ng ganitong kaisipan sa mga kabataan sa kasalukuyang panahon sapagkat mula sa kagamitang panturo hanggang sa kabuuan ng sistema ng edukasyon nanuot ang impluwensiyang Kanluranin.

Konklusyon at Rekomendasyon

Kapansin-pansin ang pamamayani ng pagpapakahulugan sa konspetong bahala na ng fatalism maging ng kasalukuyang henerasyon. Maiuugat ito sa pamamayani ng pagsasakanluranin ng mga diskurso sa mga agham panlipunan sa kasalukuyang sistema ng edukasyon na nagbubunga ng isang bihag na kaisipan na nakagapos sa pagkaunawa ng kalinangan at sandaigdigan mula sa pananaw ng mga taga-labas. Magkagayunman, hindi maitatanggi na kontekswal talaga ang gamit at pagpapakahulugan sa konseptong ito gaya ng makikita sa paglalahad na isinagawa sa papel na ito. Ibig sabihin, hindi talaga maikakahon sa isang pagpapakahulugan ang konsepto at anumang pagtatangka na bigyan ito ng payak na pagpapakahulugan ay magbubunsod sa ligaw at lisyang pagkaunawa rito.

Sa kabila ng pagkakaroon ng kaunawaan sa konspetong ito ng mga kabataan, inihahain ng mananaliksik na muling suriin kung ito ba ay itinuturing pa rin ng mga kabataan sa kasalukuyang panahon bilang bahagi ng kanilang pagpapahalaga. Sakaling itinuturing pa, mainam na tingnan kung ito pa rin kaya ang sinasabi ng pag-

aaral ni Enriquez na bahala na bilang confrontative surface values o nagbago nang tuluyan. Nasabi ito ng mananaliksik sapagkat ang pamamayani ng kaisipan rito bilang anyo ng fatalism sa maraming kabataan ng kasalukuyang panahon ay tila taliwas sa pagkakategorya rito bilang isang anyo ng confrontative surface values. Inihahain din ng mananaliksik na alamin kung may pag-iral ba ng katulad na pagpapahalaga sa ibang bahagi ng kapuluan at kung may mga kapareho rin ba itong pagpapakahulugan bilang isang konsepto katulad ng mga natalakay na mula sa pag-aaral na ito.

Talasanggunian

- [1] Abordo-Ramos, G. (2009). Bahala Na and Malasakit: A paper for contextual theological method [Paper]. *Academia.edu*.
http://www.academia.edu/1816914/Bahala_Na_and_Malasakit-A_Paper_for_Contextual_Theological_Method
- [2] Agoncillo, T. (1990). *History of the Filipino people* (8th ed.). Garotech Publishing.
- [3] Alatas, S. F. (2006). *Alternative discourses in Asian social science: Responses to Eurocentrism*. Sage Publications India Pvt. Ltd.
- [4] Ambrosio, D. (2010). *Balatik: Etnoastronomiya (Kalangitan sa kabihasnang Pilipino)*. UP Press.
- [5] Aspillera, D. (2005, May 6). *Bahala Na! Malaya*, A5.
- [6] Benitez, J. (2022, May). An inquiry into the problems concerning Filipino values and norms. *Recoletos Multidisciplinary Research Journal*, 10(1), 39–50.
<https://doi.org/10.32871/rmrj2210.01.03>
- [7] Bostrom, L. C. (1968). Filipino bahala na and American fatalism. *Silliman Journal*, 15(3), 399–413.
- [8] Casiño, T. C. (2015). Mission in the context of Filipino folk spirituality: Bahala Na as a case in point. *Seoul Consultation, Study Commission IX*, 83–96.
- [9] Covar, P. (Ed.). (2004). *Mga babasahin sa agham panlipunan I. Sentro ng Wikang Filipino*.
- [10] De Mesa, J. M. (1979). *And God said, "Bahala na!": The theme of providence in the lowland Filipino context*. Maryhill School of Theology.
- [11] English, L. J. (1977). Pamahalaan, nag-ugat sa bahala. In *Tagalog-English dictionary*. Congregation of the Most Holy Redeemer.
- [12] Enriquez, V. (1989). *Indigenous psychology and national consciousness*. Institute for the Study of Languages and Cultures of Asia and Africa.
- [13] Enriquez, V. G. (1990). *Indigenous psychology: A book of readings*. Akademya ng Sikolohiyang Pilipino.
- [14] Enriquez, V. G. (1994). *Pagbabangong-dangal: Indigenous psychology and cultural empowerment*. Akademya ng Kultura at Sikolohiyang Pilipino.
- [15] Gorospe, V. (1994). Understanding the Filipino values system. In M. B. Dy (Ed.), *Values in Philippine culture and education: Philippine philosophical studies, I* (pp. 63–70). Council for Research in Values and Philosophy.

- [16] Gripaldo, R. M. (2005). Bahala na: A philosophical analysis. In R. M. Gripaldo (Ed.), *Filipino cultural traits: Claro R. Ceniza lectures* (pp. 203–220). Council for Research in Values and Philosophy.
- [17] Hislop, S. (1971). Anitism: A survey of religious beliefs native to the Philippines. *Asian Studies Journal*, 9(2).
- [18] Laja, A. Q. (2010, May). Bathala ng kalawakan. *Pag-usan po Natin Filipino Magazine*, 22, p. 11. <http://www.muslim-library.com/dl/books/ta5246.pdf>
- [19] Lopez, B. (2024). Indigenous/Local knowledge, Anitism, and sustainable development: Challenges and interventions in preservation of indigenous rights and knowledge systems and practices (IKSPs). *Scientia - The International Journal on the Liberal Arts*, 13(1), 16–26. <https://doi.org/10.57106/scientia.v13i1.175>
- [20] Mercado, L. N. (1993). *Elements of Filipino theology*. Divine Word University Publications.
- [21] Monier-Williams, M. (1899). A Sanskrit-English dictionary: Etymologically and philologically arranged with special reference to cognate Indo-European languages. *Cologne Digital Sanskrit Lexicon*. <https://www.sanskrit-lexicon.uni-koeln.de/scans/MWScan/web/index.php>
- [22] Navarro, A., & Lagbao-Bolante, F. (Eds.). (2007). *Mga babasahin sa agham panlipunang Pilipino: Sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, at Pantayong Pananaw*. C & E Publishing, Inc.
- [23] Panopio, I. S., & Santico-Rolda, R. (1992). *Sosyolohiya at antropolohiya: Isang panimula*. Ken Incorporated.
- [24] Panopio, I. S., & Raymundo, A. (2004). *Sociology: Focus on the Philippines* (4th ed.). Ken Inc.
- [25] Pe-Pua, R. E. (1982). *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, metodo at gamit*. University of the Philippines Press.
- [26] Pe-Pua, R., & Protacio-Marcelino, E. (2000). *Sikolohiyang Pilipino (Pilipino psychology): Teorya, metodo at gamit [Filipino psychology: Theory, method and application]*. University of the Philippines Press.
- [27] Platts, J. T. (1884). भर्ना (bharnā). In A dictionary of Urdu, classical Hindi, and English. *Digital Dictionaries of South Asia, University of Chicago*. <https://dsal.uchicago.edu/dictionaries/platts/>
- [28] Potet, M. (2016). Tagalog borrowings and cognates. *Lulu.com*. <https://www.lulu.com/en/us/shop/michel-r-potet/tagalog-borrowings-and-cognates/paperback/product-22765324.html>
- [29] Quito, E. G. (1994). The ambivalence of Filipino traits and values. In M. B. Dy (Ed.), *Values in Philippine culture and education: Philippine philosophical studies, I* (pp. 57–62). Council for Research in Values and Philosophy.
- [30] Rico, T. M. (2003). Bahala Na [Unpublished course paper]. *National College of Public Administration and Governance, University of the Philippines Diliman, Ethics and Accountability*.